

Sa aming mga pasyente:

Sa ilalim ng mga alituntunin ng pederal na pamahalaan sa pagkapribado, may karapatan kayong hingin na mahigpitan ang paraan ng paggamit at pagsisiwalat sa inyong impormasyong pangkalusugan. Narito ang ilang mga bagay na dapat ninyong malaman tungkol sa karapatang ito at kung paano ito pinangangasiwaan ng PeaceHealth:

- Maliban sa mga paghihigpit sa mga pagsisiwalat sa inyong planong pangkalusugan tulad ng inilalarawan sa ibaba, hindi obligado ang PeaceHealth na tuparin ang inyong hinihinging paghihigpit.
- Hinihingi ng batas sa PeaceHealth na isiwalat ang impormasyon ng pasyente *nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot*, sa iba't ibang ahensiya ng estado at pederal na pamahalaan at mga iba pang entidad para sa iba't ibang layunin (tingnan ang Magkasamang Abiso Tungkol sa mga Patakaran ng PeaceHealth sa Pagkapribado para sa kumpletong paglalarawan). Hindi namin maaaring ipatupad ang isang kahilingan na higpitan ang lahat ng pagsisiwalat o na kunin ang inyong pahintulot bago isiwalat ang alinman sa inyong impormasyong pangkalusugan.
- Sa kalahatan, hindi sasang-ayon ang PeaceHealth na ipatupad ang isang paghihigpit maliban kung lubos ang aming kumpiyansa na magagawa naming tuparin ang paghihigpit tulad ng hinihingi. Maraming mga kahilingan para sa paghihigpit ang hindi naaaprubahan dahil sa mga praktikal na rason.
- May karapatan kayong hingin na higpitan ang mga pagsisiwalat sa inyong planong pangkalusugan ng mga serbisyo o bagay na personal ninyong binayaran nang buo mula sa inyong “sariling bulsa.” Kailangang ipatupad ng PeaceHealth ang ganitong uri ng kahilingan. Gayunpaman:
 - Kailangang personal ninyong bayaran nang buo ang bagay o serbisyo na para sa pangangalagang pangkalusugan.
 - Kung hindi ninyo babayaran nang buo, ituturing na hindi balido ang hinihinging paghihigpit at magsusumite ang PeaceHealth ng claim sa inyong planong pangkalusugan para maisauli ang ibinayad para sa bagay o serbisyo.
 - Dahil iba ang pagsasauli ng mga planong pangkalusugan sa mga pamamalagi sa ospital bilang inpatient sa mga iba pang serbisyong pangangalagang pangkalusugan – karaniwan ay isang buong halagang kabayaran (lump sum) batay sa inyong diagnosis – hindi praktikal na itago ang impormasyon tungkol sa isang espesipikong serbisyo o bagay mula sa inyong planong pangkalusugan. Kung gusto ninyong higpitan ang pagsisiwalat sa inyong planong pangkalusugan ng isang bagay o serbisyo na ipinagkaloob habang namamalagi kayo sa ospital bilang inpatient, kailangan ninyong bayaran nang kumpleto ang buong pamamalagi sa ospital.
 - Kung babayaran ninyo nang buo ang isang serbisyong pantuklas ng sakit (diagnostic), tulad ng pagsusuri sa laboratoryo o eksaminasyong x-ray, at hihingin ninyong higpitan ang pagsisiwalat sa inyong planong pangkalusugan, tiyak na hindi kami magpapadala sa inyong planong pangkalusugan ng claim para maisauli ang ibinayad. Gayunpaman, maaaring obligado ang tagapagbigay ng serbisyo na gumagamot sa inyo na magsumite ng mga resulta ng diagnosis sa inyong planong pangkalusugan upang mabayaran siya para sa kanyang mga serbisyo. Kailangan ninyong tawagan mismo ang opisina ng tagapagbigay ng serbisyo upang humingi ng paghihigpit.

SYS1000-TAG (06/29/16)

PeaceHealth
Request for Restrictions of Protected Health Information
- Tagalog
Page 1 of 2

Patient Identification

(This page goes to patient – Do not scan into record)

Petsa nang natanggap ng HIM o PFS: _____

Apelyido:	Pangalan:	Gitnang Pangalan:
Adres ng Kalye:	Telepono:	
Lungsod, Estado, Zip:	Petsa ng Kapanganakan:	

Hinihingi ko ang sumusunod na paghihigpit para sa aking protektadong impormasyong pangkalusugan:

Mga paggamit ng, o mga pagsisiwalat sa mga indibidwal o entidad (bukod sa mga pagsisiwalat sa aking planong pangkalusugan tulad ng inilalarawan sa ibaba)

Impormasyong hihigpitan:
Kabilang sa mga indibidwal na hihigpitan mula sa paggamit o pagsisiwalat sa aking protektadong impormasyong pangkalusugan si:
Panahong saklaw ng paghihigpit: (mula) _____ (hanggang) _____

Mga pagsisiwalat sa aking planong pangkalusugan hinggil sa mga bagay o mga serbisyo na personal kong binabayaran nang buo mula sa “sarili kong bulsa”

Paglalarawan sa bagay o serbisyo:	
(Mga) petsa ng serbisyo:	Numero ng account:
<input type="checkbox"/> Binawi ang paghihigpit dahil hindi nabayaran nang buo ang mga serbisyo. Petsa: _____ Mga Inisyal: _____	

Nauunawaan ko na, kung hihingin kong mahigpitan ang mga pagsisiwalat sa aking planong pangkalusugan, kailangang bayaran ko nang buo ang (mga) espesipikong serbisyo, o hindi mahihigpitan ng PeaceHealth ang mga pagsisiwalat ng aking impormasyong pangkalusugan sa aking planong pangkalusugan.

Lagda ng Pasyente/Taong Awtorisadong Lumagda para sa Pasyente – Kaugnayan Petsa Oras

FOR PEACEHEALTH USE ONLY Routing: Restrictions on disclosures to health plans – HIM; all others to Regional Privacy Officer			
<input type="checkbox"/> Restriction Accepted Scan to RST-AD	<input type="checkbox"/> Restriction Denied Scan to RSTDEN		
<input type="checkbox"/> Patient/Personal Representative notified of restriction decision by:			
Signature	Title	Date	Time

Patient Identification

SYS1000-TAG (6/29/16)

PeaceHealth
Request for Restrictions of Protected Health Information
- Tagalog
Page 2 of 2